# Kaligtasan ng pagkakakilanlan

Ang pagnanakaw ng identidad ay nangyayari kapag ang isang tao ay nagnanakaw ng impormasyon ng pagkakakilanlan ng ibang tao upang gumawa ng pagnanakaw o pandaraya.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangya-yari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444**
**o mag-report online**
**o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

**/queenslandpolice**

**@qldpolice**

**@qldpolice**

Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ang magagawa mo

May ilang simpleng pananggalang na maaari mong gawin upang protektahan ang iyong sarili na maging biktima ng pagnanakaw ng identidad.

- Maglagay ng mga password para sa lahat ng iyong mahahalagang dokumento.
- Kapag lumilikha ng password, iwasan ang paggamit ng madaling mahulaang password tulad ng mga numero ng telepono, mga petsa ng kapanganakan o pangalan ng ina noong wala pang asawa.
- Iwasan ang paggamit ng parehong password sa maraming mga account.
- Regular na baguhin ang iyong password.
- Huwag payagan ang iyong kompyuter na magtabi ng iyong password.
- I-secure ang lahat ng iyong personal na impormasyon sa bahay sa isang nakakandudahang filing cabinet o kaha de yero.
- Huwag dalhin ang numero ng iyong PIN sa iyong wallet kasama ang iyong ATM card.
- Iwasan ang pagdadala ng mga dokumento tulad ng iyong pasaporte o sertipiko ng kapanganakan maliban kung talagang kinakailangan. Sa halip ay subukang kunan ng litrato ang mga ito sa iyong telepono.
- Bago itapon ang mga lumang bill, mga rekord o mga expired na kard, tiyakin na ang anumang impormasyon sa pagkakakilanlan ay nasira na. Pag-isipang bumili ng paper shredder para sa iyong bahay.
- Iwasan ang pagbibigay ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, koreo o online at tiyaking kilala mo kung sino ang iyong kausap bago mo ibigay ang iyong personal na impormasyon.
- Tiyaking ang iyong letterbox ay secure at nakakandado at maghulog lamang ng sulat sa opisyal na mga post box ng Australian Post.
- Maingat na suriin ang lahat ng mga transaksyon sa iyong mga account sa pagbabangko at credit card bawat buwan upang masubaybayan ang mga posibleng mapanlinlang na transaksyon
- I-follow up kung ang mga bill ay hindi dumating sa oras o hindi ka nakatanggap ng invoice
- Kung nawala mo ang iyong wallet o pitaka, ipagbigay-alam kaagad sa iyong bangko upang maprotektahan ang iyong mga account

## Tandaan

Ang pagnanakaw ng identidad at pandaraya ay ilan sa mga pinakamabilis lumagong krimen sa mundo. Ang pagnanakaw ng identidad at pandaraya ay mabilis at madaling mangyari at kadalasan ay hindi mo namamalayan na ikaw ay nabiktima at malalaman mo lang ito pagkatapos mangyari.

Ang hindi-mo-hiniling na mga inaalok na mukhang hindi totoo dahil masyadong maganda o ang paghingi sa iyo ng mga detalye ng bank account o iba pang personal na impormasyon ay malamang na mga panlilinlang.

Queensland Government